

WARM-UP

- Balikan ang isang sitwasyon noong bata ka na naramdaman mong hindi ka pinansin o isinali ng iba. Ano ang nangyari at paano ka tumugon sa sitwasyong ito?
- Masasabi mo bang ikaw ay madaling maapektuhan ng mga opinyon ng ibang tao tungkol sa 'yo? Bakit mo ito nasabi?
- Paano mo ilalarawan ang isang matapat na tao? Magbigay ng ilang mga bagay na sa palagay mo ay dapat o hindi dapat ginagawa ng isang matapat na tao.

WORD *⁵Walang anu-ano'y may nakitang kamay ang hari na sumusulat sa pader ng palasyo malapit sa ilawan. ⁶Dahil dito, nanginig at namutla ang hari sa tindi ng takot. ⁷Kaya sumigaw siya na ipatawag ang marurunong sa Babilonia: ang mga salamangkero, mga astrologo, at mga manghuhula. Nang dumating sila, sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang makabasa ng nakasulat na iyan at makapagpaliwanag ng kahulugan ay bibihisan ko ng maharlikang damit at pasusuotan ko ng gintong kwintas. At siya'y magiging pangatlong pinakamataas na pinuno sa aking kaharian."* **DANIEL 5:5-7**

(Basahin din ang **DANIEL 5:1-4, 8-31**.)

Sa panahong ito, si Belshazar na ang pinuno ng imperyo ng Babilonia. Tulad ng pinunong nauna sa kanya, siya ay makapangyarihan at mapagmataas. Ngunit ang kaibahan niya kay Nebucadnezar ay hindi niya kinilala ang Diyos at hindi niya binago ang kanyang mga pamamaraan. Bilang resulta, ang kaharian ni Belshazzar ay biglaang nagwakas.

Ito ang katotohanan: ang Diyos na nagtatatag ng mga pinuno ay Siya ring nagtatanggal sa kanila sa puwesto, pinapanagot Niya ang mga tao, at nagdadala Siya ng hustisya at kapayapaan. Ginagawa Niya ang lahat ng ito ayon sa Kanyang kabutihan at planong pagtubos sa buong mundo. Ibinigay ng Diyos ang bayan ng Juda kay Nebucadnezar at sa imperyo ng Babilonia, ngunit sa huli, ang Babilonia ay tinalo ni Darius at ng imperyong Medo-Persia. Nangyari ito hindi lamang dahil sa politikal o militar na lakas. Ito ay dahil sa kapangyarihan at lakas ng Diyos.

Ito ang nakalulungkot na kuwento ng pagmamataas at paghatol sa hari, mas malungkot pa sa nakatala sa ika-apat na kabanata ng Daniel. Ngunit ito rin ay kuwento ng paraan ng pagtugon ni Daniel sa dakilang plano ng Diyos. Ito ang titingnan natin ngayon.

1 | Ang paglilingkod ay pangmatagalan—ito man ay kinikilala o hindi.

¹³Kaya ipinatawag si Daniel. At nang siya’y dumating, sinabi sa kanya ng hari, “Ikaw pala si Daniel na isa sa mga bihag na Judio na dinala rito ng aking ama mula sa Juda. ¹⁴Nabalitaan kong ang espiritu ng mga diyos ay nasa iyo at mayroon kang pambihirang kakayahan at karunungan. DANIEL 5:13-14

Ang mensahe na natanggap ng hari ay nagdulot sa kanya ng pagkabalisa. Dahil dito, naalala ng inang reyna si Daniel, ang taong naglingkod kay Nebucadnezar at sa kanilang kaharian. Pero sa anumang kadahilanan, si Daniel ay hindi na bahagi ng *inner circle* o grupo ng mga taong pinakamalapit sa hari. Maaari lamang nating hulaan kung ano ang nangyari at kung paano naging “*has been*” o “*laos*” si Daniel. Subalit kahit nawala ang posisyon ni Daniel sa hukuman ng hari, binigyan pa rin siya ng Diyos ng pagkakataong maging matapat. Si Daniel ay tumanda na at naglingkod sa tatlong magkakasunod na mga hari. Ngunit bigla nila siyang naalala at pinatawag dahil sa krisis. Nanatili siyang matapat kahit sa gitna ng kadiliman. Sa Daniel 5:10–12, paano inilarawan ng reyna si Daniel? Gaano siya kasigurado na makakatulong si Daniel?

Ang pagpapahayag ng katotohanan ng Diyos ay mahalaga—tanggapin man ito o hindi.

Sumagot si Daniel, "Mahal na Hari, huwag na po ninyo akong bigyan ng regalo; ibigay n'yo na lamang sa iba. Pero babasahin ko pa rin para sa inyo ang nakasulat sa pader at ipapaliwanag ko ang kahulugan nito. DANIEL 5:17

Kailangan ng hari ang tulong ni Daniel at ipinaliwanag ni Daniel ang kahulugan ng kanyang panaginip. Isipin mo na lamang na sasabihin mo sa hari na siya ay hindi nagpakumbaba at masyadong mapagmataas (Daniel 5:22-23). Maaaring ipakulong at ipapatay ng hari si Daniel. Pero ipinahayag pa rin niya ang katotohanan sa kabila ng dala nitong panganib sa kanyang buhay. Ginawa niya ito kahit hindi niya alam kung paano tutugon ang hari. Ipinapahayag natin ang katotohanan ng Diyos kahit pa maaaring tumanggi ang mga tao sa atin at sa Kanyang mensahe. Sa palagay mo, bakit hindi nauudyok ng mga regalo o gantimpala si Daniel?

APPLICATION

- Ano ang maaari mong matutunan sa buhay ni Daniel? Paano mo ito maisasapamuhay simula ngayon?
- Ihambing ang pagtugon ni Nebucadnezar (Daniel 4) at Belshazar (Daniel 5) sa pagsaway ng Diyos na ipinadala Niya sa pamamagitan ni Daniel. Ano ang mga naging epekto nito sa kanilang buhay at kaharian? Pag-isipan ngayong linggo ang panganib na dala ng pagmamataas at ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pananagutan.
- Ano ang maaaring humahadlang sa pagpapahayag mo ng katotohanan ng Diyos? Paano mo ito mapagtatagumpayan at kanino mo maaaring ibahagi ang iyong pananampalataya ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos dahil Siya ang namamahala sa buhay mo, sa iyong bansa, at sa mundo. Ideklara ang Kanyang kapangyarihan sa lahat.
- Ipanalangin na mananatili kang tapat sa Diyos at patuloy kang maglilingkod sa Kanya, kahit sa gitna ng kahirapan at kawalan ng katiyakan.
- Humingi sa Diyos ng tapang upang ipahayag ang Kanyang katotohanan sa mga tao sa paligid mo. Ipanalangin na sila ay tutugon sa katotohanan ng ebanghelyo nang may pagsisisi at pananampalataya.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2015 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Ian Susi, Esther Suson, Kriscel Wee
victory.org.ph